# SI ISKA AT ANG MGA MAHIWAGANG SAPATOS



Kuwento ni FEMELYN M. CABREROS
Guhit ni FLORANTE G. SALAZAR

***SI ISKA AT ANG MGA MAHIWAGANG SAPATOS***

***Maikling Kuwento sa Filipino at Edukasyon sa Pagpapakatao Para sa Ikalawang Baitang***

***Mga Kasanayan sa Pagkatuto***

***F2PN-Ig-8.1*** *Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan batay sa larawan*

***EsP2PKP-Ic-10*** *Nakapagpapakita ng kakayahang labanan ang takot kapag may nambubully*

***F2PP-Ia-c-12*** *Nasasabi ang mensaheng nais ipabatid*

***EsP2P-IId-9*** *Nakapagpapakita ng iba't ibang kilos na nagpapakita ng paggalang sa kaklase o kapwa bata*



Cabreros, Femelyn M. *Si Iska at ang mga Mahiwagang Sapatos*. DepEd-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Femelyn M. Cabreros

Illustrator: Florante D. Salazar


Learning Resource Manager: Cheryl R. Ramiro, PhD

Rizalino G. Caronan

Santiago City

Region II

# SI ISKA AT ANG MGA MAHIWAGANG SAPATOS



Isa lamang ang paa ni Iska nang siya ay ipanganak. Kakaiba man siya sa paningin ng iba, biyaya naman siyang maituturing ng kaniyang ama at ina. Ma-higit sampung taon din kasi siyang hiniling sa Diyos ng mga magulang niya.



Pero ‘di kailanman naging madali ang buhay ni Iska. Habang lumalaki, mas ramdam niyang siya ay kakaiba dahil limitado lamang ang kaya niyang gawin. Maraming bagay ang hindi niya magawa at ito ay nagpapahina ng kaniyang loob.



Hindi gaya ng ibang mga batang pitong taong gulang katulad niya, hindi niya kayang umakyat at maglambitin sa mga puno ng mangga at santol. Paborito pa naman niya ang mga ito lalo na kapag isinawsaw sa asin o suka.



Gusto rin sana niyang maglambitin at magpalipat-lipat sa mga sanga nito at mamitas ng paborito niyang mga prutas. Ngunit hindi niya ito magawa kaya habang kayakap ni Iska ang kaniyang saklay, pinanonood na lamang niya sa isang tabi ang mga batang ginawa nang basket ng mga napitas ang kamiseta.



Hindi rin niya magawang sumabay sa ibang mga batang sumasayaw sa saliw ng mga usong tugtugin kagaya ng mga napanonood niya. Paano nga ba naman kasi makasasayaw ang isang pilay na gaya niya? Kung ang iba'y tutuksuhing parehas na kaliwa ang paa, isang kaliwang paa lang naman sa kaniya.



Nais pa naman sana niyang umindak sa saliw ng iba't ibang tugtugin habang tila idinuduyan ang kaniyang katawan sa hangin. Ngunit gaya ng dati, yayakapin muli niya ang kaniyang saklay habang nangangarap na sana'y maging isa siya sa mga batang ito balang araw.



Hindi rin siya makapaglaro ng habulan dahil sa kaniyang kondisyon. Dahil dito, naiinggit siya sa ibang batang tagaktak lagi ang pawis sa pakikipaghabulan sa kanilang mga kalaro at nagtatawanan sa gitna ng matinding sikat ng araw.



Gusto rin sana niyang maglaro ng habulan kasama ang ibang mga bata. Siguro, di siya magsasawa sa paghabol dahil sa nakikita niya pa lang sa mga mukha nila, parang ang saya-saya nila kahit kung minsan ay umiiyak ang iba.



Ito ang dahilan kung bakit madalas siyang maging tampulan ng tukso kaya lumaki siyang walang kaibigan at kalaro. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, naging masipag si Iska sa kaniyang pag-aaral. Katunayan, pangatlo siya sa klase nila.



Isang araw, kumakain siya ng baong nilagang saging sa ilalim ng punong mangga. Katatapos lang noon ng klase nila. Biglang kinuha ni Pilar ang kaniyang saklay. Ipinasa pa niya ito sa isa nilang kaklase. Si Pilar ay tatlong taon na niyang kaklase at tatlong taon na ring laging tinutukso si Iska.



“Iisa ang paa!” sigaw ni Pilar.

“Ayaw ka namin!” sabi naman ng isa.

“Ibalik niyo sa akin ang saklay ko!” pagmamamakaawa na lang ni Iska habang pinupunasan niya ang luha gamit ang kaniyang damit na halos kulay abo na.



Walang ibang nagawa si Iska kundi umupo sa isang tabi at umiyak. “Bakit ba kasi ako ipinanganak na iisa ang paa?” tanong niya sa sarili.



Umuwi siyang umiiyak nang hapong iyon. Araw-araw na lamang kasi siyang tinutukso nina Pilar. Ni wala siyang ginawang masama sa mga ito. 'Di rin siya umiimik sa klase maliban na lamang kapag may itatanong ang guro sa kaniya.



Dumiretso siya sa kwarto. Katulad ng ginagawa niya tuwing tinutukso ng grupo ni Pilar, inabala niya na lang ang sarili sa pagguhit. Gumuhit siya ng iba't ibang disenyo ng mga sapatos. May pulang napalamutian ng laso, may dilaw na napaligiran ng bulaklak, at mayroon ding asul na tila may makikinang na bato.



“Siguro, kung kumpleto lang ang paa ko katulad ng aking mga kamag-aral at makasuot ng mga sapatos tulad nito, marami siguro akong kaibigan. Di sana ako laging tinutukso,” sabi niya sa sarili habang siya ay malungkot na lumuluha.



Pagpatak ng luha niya sa iginuhit na sapatos, laking gulat niya nang biglang nagliparan ang mga papel. Unti-unti ay nagkaroon ng buhay ang mga sapatos.

Halos himatayin si Iska sa kaniyang nakita. Ilang beses niyang ipinikit at binuksan ang kaniyang mga mata dahil akala niya'y panaginip lang ang lahat.



“Isa, dalawa, tatlo. Isang pula, isang asul, isang dilaw. Paano ito nangyari?” tanong ni Iska.

“Binuhay kami ng iyong husay sa pagguhit. At bilang kapalit, maaari kang humiling ng kahit ano,” sabi ng sapatos.

‘Di makapaniwala si Iska. Matagal niyang inisip kung ano ang hihilingin.



“Gusto kong umakyat sa mga puno, maglambitin sa mga ito katulad ng ibang mga bata,” unang hiling ni Iska.

Inilipad siya ng pulang sapatos sa taas ng punong mangga. Masaya siya habang namimitas ng bunga nito. Wala rin siyang pagsidlan ng tuwa habang naglalambitin sa mga sanga ng puno.



“Gusto kong sumayaw gaya ng ibang batang nakikita ko,” muling hiling niya.

Kusang naisuot sa kaniya ang dilaw na sapatos. Sinabayan niya ang tugtog. Ipinikit niya ang kaniyang mga mata at ngumiti ang malungkot niyang mga labi.



“Gusto ko ring maglaro ng habulan gaya ng mga kaklase ko,” sunod na hiling ni Iska sa mahiwagang sapatos.

Inilabas siya ng asul na sapatos habang hinahabol ng dalawa pa. Hingal na hingal si Iska sa labis na kapaguran.



Araw-araw, masaya si iska kasama ang kaniyang mga mahiwagang sapatos dahil tinupad ng mga ito ang kaniyang mga hiling.

“Ano ang iyong pangatlong hiling?” tanong ng pulang sapatos.



“Gusto ko namang gumanti sa laging panlalait ni Pilar,” huling hiling niya.

Ang mga sapatos ay nagtinginan sa huling hiling ni Iska pero agad ding tumalima. Kaya sinundan nila si Iska sa pagpasok para matupad ang hiling niya.



Habang nasa daan, nakita nila si Pilar. Isinisintas nito ang sapatos na natanggal siguro sa pagkakatali. ‘Di niya napansin sa kaniyang likuran ang isang rumaragasang bus na halos ilang dipa lang ang layo sa kaniyang kinalalagyan.




Sa isang iglap ay nakalimutan niya ang kaniyang tunay na pakay kay Pilar.

"Tulungan natin siya!" sigaw ni Iska.

Lumipad sa ere ang pulang sapatos at mabilis na naisuot sa kaliwang paa ni Iska. Agad siyang kumaripas ng takbo upang mailigtas ang kaklase.




Labis ang pasasalamat ni Pilar sa pagligtas sa kaniya ni Iska. Pinagsisihan din niya ang mga ginawa niyang panlalait sa kaniya. Nangako rin siyang hindi na niya uulitin ito.



Mula noon, naging matalik na magkaibigan na sila. Si Pilar na ang naging tagapagtanggol ni Iska sa lahat ng nanlalait sa kaniya.



Napapabalita rin sa buong nayon ang kabayanihan ni Iska na labis na ikinatuwa ng kaniyang ama at ina.

Tunay ngang biyaya siya ng Diyos sapagkat sa kabila ng kapansanan ay labis ang kabutihan ng kaniyang puso.



Sa ngayon, patuloy pa rin siya sa pagguhit. Ngunit hindi katulad ng dati, ngayon ay iginuguhit na niya ang masasayang karanasan sa piling ng mga magulang, ng matalik na kaibigang si Pilar, at ng mga mahiwagang sapatos.

W A K A S

## TUNGKOL SA MAY-AKDA



Si Femelyn M. Cabreros ay nagtapos sa Philippine Normal University - Isabela Campus sa kursong Bachelor in Secondary Education-Major in Filipino noong Abril 2008. Siya ay isang guro sa Santiago City National High School at isa sa mga manunulat ng Drug Education Module sa Grade 10 na inilunsad ng LGU Santiago City at Schools Division of Santiago City noong 2016.

## TUNGKOL SA DIBUHISTA



Si Florante D. Salazar ay nagtapos ng BSIE-Industrial Arts sa Isabela State University - Polytechnic College, Ilagan, Isabela. Siya ay nagtuturo sa San Mariano II Central Integrated School.



Isa lamang ang paa ni Iska nang siya ay ipanganak. Ito ang dahilan kung bakit madalas siyang maging tampulan ng tukso ng mga kapwa niya bata.

Ngunit isang pangyayari ang magpapapabago ng tingin ng lahat sa kaniya. Halina't tunghayan ang pakikipagsapalaran ni Iska kasama ang kaniyang mga mahiwagang sapatos.